## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

# CBS 102 Ang Pamilya, Tahanan, Trabaho

**Conrad Jun Tolosa**

### Ang Pamilya, Tahanan at Trabaho.

Minsan ginamit ng Diyos ang katagang, *Hindi mabut*i, matapos Niyang lalangin ang sansinukob. Ito ay nang makita Niya ang lalaki na nag-iisa dahil wala siyang katulad. Kaya niloob ng Diyos na lalangin ang babae mula sa tadyang ng lalaki upang siya ay maging kabalikat sa buhay. At binigkas ng Diyos na iiwan ng lalaki ang kanyang mga magulang upang makiisa sa kanyang asawa. Ang pag-aasawa at pagpapamilya ay banal sa harapan ng Diyos at masamang paghiwalayin ng tao. Matapos bigyan ng Diyos ng layunin sa buhay ang tao - ang pagsamba at paglilingkod sa Kanya - ginawan Niya ang mga ito ng tahanan - ang Garden of Eden, na kanilang bubungkalin at pagyayamanin. Pinaglaanan ng Diyos ang tao ng makakain (mga prutas). Sa kanilang kapaligiran ay ang lahat ng uri ng ibon at hayop. Pinaglaanan din ang mga ito ng makakain (kagulayan). *Genesis 1:29-30, 2:8-23*

Sa simula, tahanan at pagkain mula sa hardin lamang ang pangangailangan ng isang pamilya. Bago magkasala sina Adan at Eba, hindi nila kinailangan ang damit. Nang nilikha ng Diyos ang lupa, hindi Niya ito nilikha na tapos na tapos na; na wala nang kailangan gawin pa ang tao. Bagkos ay gumawa lamang Siya ng isang hardin – ang Garden of Eden – na magsisilbing modelo para tularan ng tao sa kanilang gagawing pagpaparami.

Ang iniatas na trabaho ng Diyos ay ang expansion ng Garden of Eden hanggang maabot nito ang buong mundo. Ang trabaho ay banal. Kasama ito sa original mandate. Ang pagsamba, pagpapamilya at pagtratrabaho ay pawang mga banal sa harapan ng Diyos at nakapagbibigay luwalhati sa Kanya. Ang mga ito ay nararapat na isakatuparan ayon sa kalooban ng Diyos.

Ang maging mabunga at magparami ng bilang; ang pagpupuno ng mundo at pagsupil sa lupa; at ang pamamahala ng mga isda, mga ibon sa kalawakan, at lahat nang gumagalaw sa balat ng lupa. Ito ang tinaguriang *Original Mandate*.

Ang pagiging mabunga at pagpaparami ay ang unang bahagi ng paglilingkod sa Diyos. Nang ibinigay ng Diyos ang Original Mandate, ang tao ay hindi pa nahuhulog sa kasalanan. Ibig sabihin, ang kalooban ng Diyos ay ang mga kawangis Niya ang magpupuno ng mundo. Subalit, dahil sa pagkahulog ng tao, ang katuparan ng utos na magparami ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga alagad ni Cristo, sapagkat si Cristo ay ang larawan at eksaktong representasyon ng hindi nakikitang Diyos, ang mga magiging kawangis Niya ay nagiging kawangis ng Diyos. Ang pagbabalik ng wangis ng Diyos sa nahulog na tao ay ang mismong layunin ng Diyos sa ating buhay. *Genesis 1:28; Matthew 28:19-20; Colossians 1:15; Hebrews 1:2; Romans 8:29*

Ang paglulupig sa lupa ay ang ikalawang bahagi ng paglilingkod sa Diyos. Ang ibig sabihin nito ay ang pagbibigay hugis sa buong kalupaan ng mundo. Ang tahanan ng tao sa Garden of Eden na hinubog ng Diyos ay ang magsisilbing modelo kung paano lulupigin ang walang pormang mundo - - ang

pagpapalago at pagsasaayos ng halamanan at pagpaparami ng mga bungang-kahoy. In short, ang paglulupig ng lupa ay ang expansion ng Garden of Eden hanggang masakop ang buong mundo. Kaya pala, tayo ay mayroong kakayahang maging creative at productive; magaling tayong landscapers at farmers.

Ang pamamahala ng mga ibon, mga isda, mga hayop at kung ano-anong gumagapang sa lupa ay ang ikatlong bahagi ng Original Mandate. Ang simula ng gawaing ito ay ang pagbibigay ng pangalan sa lahat ng mga nilalang sa balat ng lupa (Genesis 2:19-20). Dahil sa ang mga tao ay binigyan ng responsibilidad, pinagkalooban din siya ng awtoridad. Mayroon tayong authority dahil mayroon tayong responsibility. Ang authority ay ang paggamit ng power na nakapaloob dito.

***Multiple Choice***

1. Lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti. Minsan Niya lang sinabi ang mga katagang *Hindi mabuti* at ito ay:
   a. nang makita Niya na walang kabalikat ang lalaki na Kanyang nilalang.
   b. nang makita Niya na walang katulad ang lalaki na Kanyang nilalang.
   c. nang makita Niya na nalulungkot ang lalaki na Kanyang nilalang.

2. Ang pag-aasawa ay banal sa harapan ng Diyos:
   a. kaya naman pinahintulutan ang divorce upang ang paghihiwalay ay maging legal.
   b. kaya Siya lumalang ng katuwang para kay Adan.
   c. kaya masama itong paghiwalayin ng tao.

3. Ang lahat ng pangangailangan ng tao na nilikha ng Diyos ay Kanyang ibinigay – tahanan at makakain – kaya hindi na sila kailangan magtrabaho.
   a. True
   b. False

4. Ang original mandate ng Diyos ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagpapamilya at pagtratrabaho.
   a. True
   b. False

5. Ang Original Mandate na pagiging mabunga at pagpaparami ay:
   a. hindi na maaaring maganap sapagkat ang mga tao ay naging makasalanan.
   b. maisasagawa lang sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga alagad ni Jesu Cristo.
   c. hindi na matutupad dahil ang utos na ito ay ibinigay bago mahulog ang tao sa kasalanan.

6. Anong statement ang hindi tama?
   a. Si Cristo ang eksaktong representasyon ng hindi nakikitang Diyos.
   b. Ang mga alagad ni Cristo ay mababalik sa wangis ng Diyos dahil kay Cristo.
   c. Ang layunin ng Diyos na maibalik sa Kanyang wangis ang tao na nahulog sa kasalanan ay matutupad lang kung hindi na magkakasala ang tao.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.